# Aralin 3 – Paghahanda sa Panahon ng Lindol




## Pakinggan Natin

### Lindol

Ang lakas ng lindol ay kagimbal-gimbal
Kung kaya ang pader at bahay, nabuwal
Bumuka ang lupa, natakot ang madla
Ito kaya'y kagagawan ng bawat nilikha?


Sa lahat ng dako, tao'y nagkagulo
Ang iba'y tumalsik, ang iba'y tumakbo
Ang iba'y bumagsak, hindi na nasalo
Nalaglag sa lupa, at doo'y nahilo.

Kaya kalamidad, paghandaan dapat
Katulad ng lindol na sadyang mabigat
Sikaping malaman, wastong pag-iingat
Upang maligtas ang buhay ng lahat.




# Pag-usapan Natin

## Mga paghahanda sa panahon ng lindol




Maging mahinahon sa oras ng lindol.










Makinig sa balita o anunsyo.



Maghanda o magtabi ng mga pagkain.





Lumikas kung kinakailangan pagkatapos ng lindol.

## Basahin Natin

Basahin ang mga pangungusap.



Si kuya ay nakulong sa loob ng gusali.



Ang bata ay tumalsik sa malayo.



Ang babae ay
nahulog sa bintana



Bumagsak ang mesa
kay Lani.

B. Basahin ang mga pangungusap.


Naipit sa pinto.



Ay nawasak ang bahay!




Bumagsak ang mesa.




## Basahin Natin


Basahin ang mga pantig at salita.




nalaglag
na lag lag
n a l a g l a g
nalaglag



tumalsik
tu mal sik
t u m a l s i k
tumalsik



nakulong
na ku long
n a k u l o n g
nakulong



bumagsak
bu mag sak
b u m a g s a k
bumagsak

## Tandaan Natin

Maging mahinahon sa oras ng lindol upang maiwasan ang sumusunod na pangyayari.



maipit



tumilapon



makulong



mabagsakan

## Subukin Natin

Isulat sa sagutang papel ang nawawalang pantig.

bumag __ __ __ tumal __ __ __ nama __ __ __

naku __ __ __ __ bumag __ __ __ nabi __ __ __

nai __ __ __ nawa __ __ __ nahu __ __ __



# Isulat Natin

Bakatin sa sagutang papel.

nakulong tumalsik

nahulog naipit

nawasak bumagsak

Gayahin sa sagutang papel.

nakulong

nahulog

nawasak



## Pag-aralan Natin (Pagbilang nang limahan)


Kopyahin ang mga bilang. Isulat ito sa sagutang papel.

| 5 | 10 | 15 | 20 | 25 | 30 | 35 | 40 | 45 | 50 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| halimbawa<br>5 | | | | | | | | | |

| 55 | 60 | 65 | 70 | 75 | 80 | 85 | 90 | 95 | 100 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | | | |

## Subukin Natin

Pagdugtong-dugtungin ang mga tuldok ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga bilang.



## Alam mo na ba?

A. Sipiin sa sagutang papel ang mga salitang maaaring mangyari sa tao/bagay kung may lindol.

1. (maipit, makulot, maligo)
2. (maglaro, maputol, matulog)
3. (malunod, maunat, malibang)
4. (mawasak, mabuo, mabigo)
5. (tumalsik, bumigat, kumain)

B. Isulat nang papantig ang sumusunod na salita sa sagutang papel.

1. nalaglag ______________________
2. naipit ______________________
3. tumalsik ______________________
4. nahulog ______________________
5. bumagsak ______________________

C. Isulat sa kahon ang mga bilang ayon sa pagkakasunod-sunod ng pagbilang nang limahan.

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 10 | 80 | 5 | 50 | 95 | 35 | 75 |
| 20 | 100 | 25 | 60 | 45 | 55 | 85 |
| 40 | 15 | 30 | 70 | 5 | 90 | 65 |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 5 | | | | | | |
| | | | | | | |
| | | | | | | |

D. **Tama o mali**. Lagyan ng tsek (√) ang patlang kung tama at ekis (X) kung mali ang sinasabi ng pangungusap.

**Kapag may lindol:**

______ 1. mamasyal sa matataas na lugar.

______ 2. tumakbo sa mahawang lugar.

______ 3. lumayo sa matataas na gusali.

______ 4. magtago sa ilalim ng mesa.

______ 5. manalangin.